

**P**ahinamad na sinulyapan ni Sebastian ang kanyang wristwatch; ala una ng hapon. Dalawang oras na ang nakakaraan mula nang magsimula ang board meeting.

Ang remote-controlled car ang pinakabagong produkto ng *SJ Co.*, isang toy manufacturing company. Nagpatawag ng emergency meeting ang board pagkaraang mabasa ang report na humihina ang sales and that they were losing drastically to imitators.

“What’s on your mind, Sebastian?” tanong ng isang board member sa CEO.

Sumandal siya sa upuan at tipid na ngumiti. “I suggest we put up a service center para sa *SJ21* at sa mga succeeding race cars na ilalabas natin. Itatayo ang mga iyon sa retail stores sa mga malls. May service contract na kaakibat ng nasabing laruan na libre ng six months. At kapag lumabas na ang successor ng *SJ21*, p’wedeng i-trade-off ang lumang laruan provided na maayos ang kondisyon niyon.”

“That is almost a bargain,” komento ni Queenie,

ang marketing head, na ni-request niyang um-attend ng board meeting.

“It is a bargain, all right, but it would attract loyal customers. The service contract, the service center and the trade-off would serve as a trust between our patrons and the company. Clients would see *SJ Company* as the creator of good, quality products with absolute service; there is no way we’d lose to imitators with poor products and no service.”

“Gusto namin ng concrete data,” sabi ng isang board member na sinang-ayunan naman ng iba.

“Then let’s get the marketing team prepare for the presentation,” nakangiting sabi niya at tumayo. “Meeting adjourned.”

Mabilis na nakalabas ng boardroom si Sebastian. Sa kanyang likuran ay narinig niya ang maingay na paglagutok ng high-heels.

“Sebastian, I’d like a word with you...”

“Yes, Queenie?” pormal na tanong niya. She was a beautiful and sophisticated woman in her mid-thirties, three years his senior and very good in bed.

Matamis itong ngumiti at lalong lumapit sa kanya.

“I just want to congratulate you. That was a brilliant idea and I wanted to talk to you about that. Pero hindi dito sa hallway. Maybe we can have a late lunch...”

Itinago niya ang amusement sa mga mata sa pagkunot ng kanyang noo. Pero bago pa siya makapagsalita ay isang matamis na tinig ang sumingit sa usapan nila.

“It could still wait, could it not, Miss Tierra?”

Hindi na naitago ni Sebastian ang amusement nang mula sa likuran niya ay lumitaw si Marietta Juarez at tumabi sa kanya. A regal and elegant woman, not to

mention a doting mother.

Nakamamatay ang tamis ng ngiti nito sa dalaga.

“P’wede pa naman siguro kayong mag-usap some other time. Sabay kasi kaming magla-lunch ni Sebastian.”

“I... of course, Mrs. Juarez.” Nag-stammer pa ang marketing head. Lalong lumawak ang ngiti ng cincuenta y cinco años na ginang.

“Thank you, hija.” Binalingan nito ang anak. “So, shall we, son?”

Kumawit ito sa braso niya at marahan siyang iginiya palayo kay Queenie. Tinanguan niya ang dalaga at nagpatangay sa ina.



Mahigpit ang hawak ni Monette sa folder, kunot ang noo at muling inulit ang sinabi ng babaeng kaharap.

“Return? Paano naging return? Ano’ng problema dito sa manuscript?”

“Basahin na lang ninyo ang remarks,” anito at muling ibinalik ang tingin sa computer.

Lalong humigpit ang hawak niya sa folder ng manuscript. Humigit siya ng malalim na hininga at sinabi ang linya na kung ilang beses na rin niyang nasabi sa iba’t ibang publication.

“P’wede ko bang i-revise?”

“Kausapin ninyo ang editor. Pero wala siya ngayon kaya bumalik na lang kayo bukas. Nine to six ang office hours. O kung mas convenient para inyo, tumawag na lang kayo...”

Ni hindi niya matandaan na nagpaalam siya rito o kung paano siya nakalabas ng silid na iyon. Bagsak ang mga balikat na sumakay sa elevator si Monette at lumabas ng building. Wala sa sariling sumakay siya sa

unang bus na dumaan.

Mahigit isang taon na siyang nagsusulat. Nagsusulat dahil wala pa naman siyang napa-publish na libro.

Hindi na nga niya maintindihan minsan kung ano ang problema. Siniguro niyang tama ang format sa publishing house na pinagpapasahan niya ng manuscript. Nire-research naman niyang mabuti ang mga sinusulat niya. Pero bakit hanggang ngayon, ni isang manuscript na pinasa niya ay wala pang na-approve?

Ilang ulit na rin niyang sinubukan na mag-revise ng manuscript, para lang ma-double dead. Wala sa sariling umangat ang kamay niya at dinama ang locket na palawit ng kanyang kuwintas. Tila may bumara sa lalamunan niya.

Kumawala ang hikbi sa lalamunan ni Monette, na ilang saglit pa'y nauwi sa mahinang pag-iyak. Nanghihinang isinandal niya ang ulo sa saradong bintana ng bus at hinayaan ang sarili na patuloy na umiyak.



“How was the meeting with the board members?” tanong ni Marietta sa anak habang kumakain sila ng lunch sa restaurant ng isang five-star hotel.

“The usual,” tipid niyang sagot na sinabayan ng pagkibit ng balikat.

Mula nang pumanaw ang ama ay si Sebastian na ang namahala sa negosyo ng pamilya. And although he found sitting behind a desk all day a tedious job, he could not just abandon the position Sebastian Sr. inevitably left him eight years ago. Kalahating dekada na nasa kanilang pagmamay-ari ang kompanya.

“By the way, nakahanap ka na ba ng interior decorator para sa condo mo? I know one, he’s really good...”

He almost sighed, but quickly caught himself. Sa halip ay humigop na lang siya ng tsaang para lunurin ang protestang gustong iluwa ng bibig.

Six months ago ay ipinagbenta sa kanya ng isang kaibigan ang condo unit nito dahil magma-migrate na ito sa Australia. Nagustuhan niya ang location kaya hindi siya nagdalawang-isip na bilhin iyon. Pero dahil sa kaabalahan ay palagi niyang nakakalimutang asikasuhin iyon.

“I don’t know, Ma. Hindi ko pa alam kung ano ang gusto kong gawin sa condo,” paiwas niyang sabi.

“Kaya ko nga inirerekomenda sa ‘yo si Peter. He would know what to do.”

“Titingnan ko. Madami din kasi akong trabaho sa opisina,” sagot niyang umiiwas sa kompromiso.

“I’ll schedule a meeting with him. Itatawag ko kay Annie para isingit sa schedule mo.”

“You do that,” tanging sabi ni Sebastian at tumayo.

“Will you make it to dinner?” tanong ng ina habang nakatingala sa kanya.

Nagkibit-balikat ang binata. “I don’t think so. Just don’t wait up for me.”

“Give my regards to Marco, Seb. Sabihin mong dumalaw naman sa sibilisasyon paminsan-minsan.”

Bahagya siyang tumawa at humalik sa pisngi nito. “I will, Ma. Huwag kang magpapagod.”

“Don’t worry. Kasama ko naman si Gregorio,” tukoy nito sa personal nitong driver.

Nang makasakay ang lalaki sa loob ng sasakyan ay saka lang niya pinawalan ang buntong-hininga.

Minsan gusto niyang maniwala na ayaw talaga

siyang papag-asawahin ng mama niya. Not that he was complaining. Wala pa siyang balak na lumagay sa tahimik. At hindi rin niya gaanong iniinda ang pagharang nito sa mga babaeng lumalapit sa kanya.

Pero ang ihanap siya ng male decorator... Napailing si Sebastian.

Sinulyapan niya ang relo. Ala dos y media na ng hapon at mahigit tatlong oras din bago siya makarating sa Montreal.

Isinalang niya ang isang CD sa DVD player at inihanda ang sarili sa mahabang pagda-drive. Hindi na siya babalik sa opisina. Napagod siya sa naganap na meeting kanina.

Makalipas ang mahigit tatlong oras ay ipinarada niya ang *Land Cruiser* sa garahe. Inilabas niya ang fishing equipment at tinungo ang paboritong lugar dikalayuan sa puting bahay na naroon.

Iyon ang pampalipas-oras ni Sebastian. Fishing.



Nakatulugan na ni Monette ang pag-iyak kaya hindi na niya napansin kung saan patungo ang sinakyang bus. Nagising na lang siya nang tapikin siya ng konduktor sa balikat.

“Neng, saan ka ba talaga bababa? Sta. Cruz na ito...”

Napamulagat siya, sabay biglang pumara. Nagtataka man ay inihinto ng driver ang bus. Pababa na siya nang pigilin siya ng konduktor.

“Sandali, Ineng, hindi ka pa nagbabayad.”

Binayaran niya ang sinabi nitong pamasaha at saka nagmamadaling umibis ng bus.

Para lang mapatanga nang makababa siya.

Isang masukal na daan ang tumambad sa kanya na

mukat man niyang isipin ay hindi niya alam kung saang lugar naroon. Wala nang ibang daan maliban sa main road.

Akmang sasakay ulit siya ng bus pero umalis na ito. Awang ang mga labing hinabol niya iyon ng tingin hanggang sa lumiko at mawala sa kanyang paningin.

Luminga si Monette sa paligid. Wala siyang makitang bahayan o kahit na anong istruktura.

Ipinasya niyang maghintay ng pabalik na bus. Pero ilang minuto na siya roon ay wala pa ring dumaraan na bus pabalik ng Maynila.

Sa pagkainip ay sinimulan niyang tahakin ang madilim na daan para maghanap ng mapagtatanungan. Sigurado siyang may bahayan doon dahil napatag na ang daan at mukhang dinadaan talaga ng tao.

Pero nagsisimula nang dumilim ay wala pa rin siyang makita ni ilaw ng bahay. Sa inis ay naikumpas niya ang kaliwang kamay. Para lang matigilan nang maramdaman ang mabigat na bagay sa kamay niya.

Ang rejected niyang manuscript.

Tuluyang napaiyak si Monette sa pinaghalu-halong panlulumo, pagod at takot.

Bakit ba sobrang malas ng araw na ito? Una ay nareject siya sa hindi na niya mabilang na pagkakataon, pagkatapos ngayon naliligaw siya at ni walang mahingan ng tulong o mapagtanungan man lang.

Luhaang tumingala siya sa dumidilim nang langit.

Biglang gumuho ang dinaraan niyang lupa. Nagpa-panic na naghagilap ang mga kamay niya ng mahahawakan. Pero mga damo lang ang naroon at hindi niyon kinaya ang bigat niya.

Pumunit ang malakas na tili ni Monette nang dere-derecho siyang nahulog sa dalisdis.



Napaunat ang likod ni Sebastian. Parang may narinig siyang tumili. Pinakiramdamang niya ang paligid, pagkaraan ng ilang sandali ng katahimikan ay wala na siyang naririnig. Baka guni-guni lamang niya iyon.

Mahigit isang oras na siya roon, pero wala pa rin siyang nahuhuling isda. Itinukod na niya ang fishing rod sa lupa dahil nangangalay na siya. Muli siyang sumandal sa puno at pinagmasdan ang apoy na pinarikit niya kanina.

Nagsisimula na siyang antukin nang gumalaw ang pamingwit niya. Kaagad siyang dumukwang at hinila iyon. Napangisi siya, mukhang malaki ang nahuli niya.

Ubod-lakas niyang hinigit ang pamingwit. Umangat sa tubig ang dulo at sinalo niya iyon.

Kumunot ang noo niya nang makitang hindi isda ang nahuli niya kundi kuwintas.

Tumingin siya sa ilog. Napamura siya nang makita ang isang katawan na lulubog-lilitaw sa tubig.

Inalis niya ang suot na jacket at tumalon sa tubig. Mabilis siyang lumangoy patungo sa lumulutang na katawan. Nang maabot iyon ay kaagad niyang ipinalibot ang braso sa leeg nito habang nakataas ang ulo at lumangoy pabalik sa pampang.

Pinulsuhan niya ito nang maiahon. Nakahinga siya nang maluwag nang maramdaman ang pintig ng pulso nito.

Nag-perform siya ng CPR. Mayamaya lang ay umuubo na ito. Iginilid niya ito at tinapik-tapik ang likod para tulungang mailabas ang nainom na tubig.

Mahina itong umungol at bahagyang idinilat ang mga mata.

“Miss, are you all right? Can you hear me?”



Pero muli itong pumikit at niyakap ang sarili. Her body was shaking. Hinablot ni Sebastian ang jacket at mabilis na ibinalot sa babae. Binuhat niya ito at inihiga malapit sa apoy.

Kinuha niya ang cellphone sa loob ng dalang bag at nag-dial.

“Marco, p’wede mo ba akong sunduin dito? Yeah, same spot. I got a heavy load here.”

Pagka-off niya sa phone ay sinulyapan niya ang babae. Wala pa rin itong malay at mukhang hindi pa ito magigising.

Matiim niya itong pinagmasdan. May hiwa ito sa pisngi at may mangilan-ngilan ding hiwa ang mga braso nito, maliban doon ay wala nang seryosong sugat. Sa baywang nito ay nakatali ang isang beltbag.

Ito marahil ang tumili kanina. Baka nadulas sa dalisdis na patungo sa baryo.

Hinawi niya ang buhok na tumatabing sa mukha nito. He could tell that she was a pretty, little thing. She had delicate features. Marahil ay bahagya lang itong lumagpas sa limang talampakan. She looked young and yet, she had a body of a full-grown woman. He could still feel her full breasts and soft lips while he was performing first aid.

Naisuklay niya ang mga daliri sa buhok. Hindi ito ang oras para sa ganoong bagay.

Para ma-divert ang atensyon ay hinanap niya ang fishing rod na basta na lang niya inihagis kanina.

Nakita niya iyon ilang metro ang layo sa puwesto niya. Nakasabit pa sa hook ang kuwintas. Isang oblong locket ang pendant niyon.

Akmang bubuksan niya ang locket nang makarinig siya ng tunog ng sasakyan.

“Ano’ng nangyari sa kanya?” tanong ni Marco nang


makita ang babaeng wala pa ring malay-tao. Kaagad nitong sinuri ang lagay niyon.

“I don’t know. Nakita ko na lang siyang lumulutang sa ilog. Nalapatan ko na ng first aid.”

“It’s cold out here. Kailangan natin siyang dalhin sa clinic.”

Inihiga nila ang babae sa backseat habang si Sebastian ay nakaalalay sa tabi nito. Mabilis na lumigid sa driver seat si Marco at pinaandar ang sasakyan.





“**S**table na siya. Kung hindi magkakaroon ng komplikasyon ay puwede na siyang magkamalay anumang oras,” anunsyo ni Marco.

“Sa palagay mo, may masama bang nangyari sa kanya? Was she... you know.”

Umiling ito. “I don’t think so. She was fully clothed. At ‘yung mga sugat niya sa mukha at braso ay mukhang hiwa ng talahib. Most probably ay nadulas nga siya sa dalisdis.”

Nakahinga nang maluwag si Sebastian. Alam niyang ligtas na ang babae, pero mas mabuting marinig iyon mula sa isang tunay na doktor.

Pinagmasdan niya ang maamong mukha nito. Nalinis na ito ng assistant ni Marco at napalitan na rin ang basang damit nito.

Habang hinihintay na magising ang pasyente ay nagpalit muna ng damit si Sebastian at nagkape sila sa opisina ni Marco. Ang assistant na lang nito ang pinagbantay sa silid.

Mahigit dalawang taon na mula nang magtayo si

Marco roon ng clinic para tuparin ang pangarap nitong makapaglingkod sa mga taong higit na nangangailangan at ilapit sa mga ito ang serbisyong medical.

Kabilang sa sponsors ng klinika nito ang kompanya ng mga Juarez. Nagpapadala sila ng medical supplies at minsan ay nagpapa-medical mission. Binabalak na rin nilang magpinsan na itayo ang isang trauma rehabilitation center para sa mga bata, sa Palawan.

“Kumusta sina Tita Marietta at Reema?”

“They’re fine. Nasa Los Angeles si Reema ngayon.”

Si Reema ang nag-iisa niyang kapatid na babae at mas matanda sa kanya ng tatlong taon. Wala itong hilig sa negosyo at mas pinili nitong maging editor sa isang magazine. Seven years ago ay ikinasal ito sa publisher nito.

“At pinapasabi rin ng Mama na dumalaw ka naman.”

“I will. Mahigit isang buwan na rin mula nang lumuwas ako.” Matiim siyang tiningnan ng pinsan. “At ikaw, kumusta ka naman?”

“Same as always,” he said with a shrug. “May bagong project na sisimulan sa kompanya. I guess I’ll be working with the marketing team this week.”

“Marketing team means Queenie Tierra. Rekindling old flames?” tudyo ni Marco.

Minsan nang nagkaroon ng relasyon ang dalawa, pero nang magsimulang maging demanding ang dalaga ay hiniwalayan ito ni Sebastian.

“Just work,” aniya saka ngumiti. “But she’s different now. Maybe it’s worth another try.”

Bago pa makapag-react ang kausap ay sabay na silang napalingon nang bumukas ang pinto ng opisina.

“Gising na ang pasyente,” anunsyo ng assistant nito.

“Hindi ka ba sasama?” tanong ni Marco nang hindi

siya tumindig mula sa kinauupuan.

“Tatapusin ko pa ito,” aniya at itinaas ang tasa ng kape. “Saka ‘wag mo na ring sabihin na isang Sebastian Juarez ang nagligtas sa kanya. I don’t want her to fall on my feet.”

Umiiling na lumabas si Marco sa silid. What his cousin meant was he didn’t want to be venerated.



Nagising si Monette, hindi sa ingay kundi sa sobrang katahimikan. Pagdilal niya ay nasiguro niyang nasa kakaibang lugar siya.

Puti ang mga dingding, gayundin ang kumot niya at unan. Sa kaliwa niya ay mayroon pang tatlong hospital bed. May malaking bintana sa kaliwang bahagi. Wala siyang ibang makita sa labas kundi mga puno.

Akma siyang bababa ng kama nang muling matigilan. Naka-hospital gown siya. At lalo siyang napamaang nang makitang wala siyang ibang suot maliban doon.

Hindi pa siya nakakabawi sa pagkabigla nang muling bumukas ang pinto. Kaagad niyang hinila ang kumot pataas hanggang sa baba niya.

Isang lalaki ang pumasok sa silid. Matangkad ito, ang balat ay tila kulay kape na may cream, pangahan ang mukha na nagbibigay rito ng matapang na anyo pero mabait ang mga mata.

Ngumiti ito. “I’m Dr. Marco Villeza. Narito ka sa clinic ko. Nakita kang lumulutang sa ilog kanina at walang malay.”

“Ikaw ang nagligtas sa akin?” nag-aalangang tanong ni Monette.

Umiling ito. “Hindi. Isang lalaking namimingwit sa ilog ang nakakita at nagligtas sa ‘yo. Kumusta ang

pakiramdam mo?”

Pinakiramdaman niya ang sarili. “Medyo masakit lang ang likod ko saka mahapdi ang mukha at braso ko.”

Masakit din ang dibdib niya. Para siyang sisiw na itinaon sa ilog, walang magawa kundi sumiyap. Nang mga oras na iyon, pakiramdam ni Monette ay mamamatay na siya.

“You’re all right now,” marahang saad nito na tila naramdaman ang kanyang takot. “Just rest for a while.”

“Nasaan ang damit ko?” kiming tanong niya.

“Pinalabhan ko na kay Manang Cora. Siya din ang nagpalit ng damit sa ‘yo. Bago ko makalimutan, nakita ito ng taong nagligtas sa ‘yo.”

Iniabot nito sa kanya ang isang plastic. Naroon ang belt bag niya.

“Thank you,” mahina niyang sabi.

“Hindi ko pa nakukuha ang pangalan mo...”

“Monette. Monette Sevilla ang pangalan ko.” Inilahad niya ang kamay. Tinanggap iyon ng doktor.

“I’m glad that you’re feeling better, Monette. Gusto mo bang tawagan namin ang pamilya mo para masundo ka?”

Marahan siyang umiling. “Kaya kong mag-isa. Sabihin n’yo na lang kung saan ako p’wedeng sumakay...”

“Saang bayan ka ba nakatira? P’wede ka naming ihatid.”

“Taga-Maynila ako...” Nahihiyang yumuko siya. “Nakatulog ako sa bus at lumagpas ako ng baba. Wala akong nakitang bahayan o tao na mapagtatanungan kaya naglakad-lakad ako hanggang sa bigla na lang akong nadulas at nahulog sa ilog.”

Nakaramdam siya ng pagkaasiwa nang titigan siya ng doktor. Siguro ay lihim na itong natatawa sa

katangahan niya.

Pero ngumiti lang ito. “This is most fortunate. P’wede kang sumabay sa pinsan ko na pabalik na din ng Maynila.”

“Talaga? P’wede akong sumabay?” galak na sabi niya pero kaagad ding sinagilan ng hiya. “Baka makaistorbo ako sa kanya...”

“Don’t worry, he’s a nice guy. Magpahinga ka na. Babalik ako mamaya.”

Lalabas na ito ng silid nang biglang may maalala si Monette.

“Yung lalaking nagligtas sa akin, nariyan pa ba siya? Gusto ko sanang magpasalamat...”

“Umuwi na siya. But he wishes you well.” Matapos siyang bilinan na magpahinga ay lumabas na ito.

Nakaramdam ng panghihinayang ang dalaga. Sayang at hindi man lang niya napasalamatan ang taong pinagkakautangan niya ng buhay.



Alas nueve ng gabi nang maibalik kay Monette ang mga damit niya. Pagkabihis ay kaagad niyang hinanap ang doktor.

“Nasa kabilang baryo, Ineng,” sagot ng matandang babae na nalaman niyang assistant doon. “Pabalik na iyon. Hintayin mo na lang siya rito. O kung gusto mo, doon mo siya hintayin sa likuran.” Itinuro nito ang backdoor.

Pagbukas niya ng pinto ay sinalubong siya ng malamig na ihip ng hangin. Nanginginig na nayakap niya ang sarili.

“Giniginaw ka ba?”

Napaigtad si Monette nang mula sa madilim na bahagi ng terasa ay lumitaw ang isang lalaki.

Napaurong siya nang hubarin nito ang suot na jacket.

“Here,” anito, iniabot sa kanya ang jacket. Nang hindi siya kumilos ay ito na ang lumapit at ipinatong iyon sa mga balikat niya.

“Thank you,” mahinang sabi niya at isinuot ang pananggalang sa lamig. Nagkibit-balikat ito at sumandal sa pader.

Lihim niyang tiningnan ang lalaki. Ito marahil ang pinsan ni Dr. Villeza. Malaki ang pagkakahawig ng dalawa, lalo na kapag sideview. Mas maputi nga lang ito at mahaba ang buhok.

“So, sasabay ka sa akin pabalik ng Manila?” tanong nito na bahagya lang siyang tiningnan.

“Kung hindi ako makakaabala,” nahihiyang sagot niya. Hindi niya alam kung paano pakikiharapan ang lalaking ito na kabaligtaran ng palangiting doktor na nakilala niya kanina.

Muli ay nagkibit-balikat ito. “Not at all. By the way, I’m Sebastian.”

Tinanggap niya ang kamay nito. “My name is Monette. Nice meeting you.”

“You better take care of yourself, lass. Uso ang sakit ngayon.”

Lass. Napakurap si Monette. Marahan niyang hinila ang kamay niya mula sa pagkakahawak nito.

“Salamat sa pag-aalala pero hindi na ako bata. Twenty-four na ako.”

Si Sebastian naman ang nagulat. Hindi malaman ng dalaga kung matatawa o maiinsulto.

Totoong maliit siya sa height na five-two. Pero hindi naman pang-high school ang katawan niya.

Niyuko niya ang kanyang dibdib. Pag-angat niya ng tingin, nakita niyang nakatingin din doon ang lalaki.



“Well, I should have known,” mahinang sabi nito.

Umakyat yata ang lahat ng dugo sa ulo niya.

“Bastos!” anas niya at mabilis na tumalikod. Muntik pa silang magkabungguan ni Dr. Villeza nang buksan niya ang backdoor.

“You’re flushed,” takang obserba nito. Kaagad na nagsalubong ang mga kilay nito nang makita si Sebastian sa portico. “Ano’ng nangyayari dito?”

“We just chatted,” sabi ng pinsan.

“Magbibiyahe na lang ako,” deklara ng dalaga, nag-iinit pa rin ang mukha sa hiya at inis.

“I can’t allow that. Mahina pa ang katawan mo at matatagtag ka sa bus. Kung ipipilit mo iyan, bukas pa kita mapapayagang umuwi,” ani Marco.

Nag-alangan si Monette. Gusto na niyang umuwi. Pero kung ganito rin lang ang lalaking maghahatid sa kanya...

“I assure you, Sebastian’s a good guy. May pagkapilyo nga lang kung minsan.” Tiningnan nang masama ng doktor ang pinsan. Bumuntong-hininga ang lalaki.

“All right, I’m sorry. Hindi naman intentional iyon. Just an honest mistake. Pero kung ayaw mong sumabay, okay lang.”

Nakangusong naipagdikit ni Monette ang dalawang hintuturo. “Saan ba tayo sasakay?”

Bumaba ito ng portico. Sumunod siya at nakaalalay na sinabayan siya ng doktor. Huminto sila sa tapat ng isang *Land Cruiser*. Nasa harap na ng manibela si Sebastian.

Ipinagbukas siya ng pinto ng doktor. “Huwag ka nang matutulog sa biyahe sa susunod para hindi ka lumagpas,” paalala nito sa kanya. Nakangiting tumango siya.

“Thank you sa lahat. Sana makaganti man lang ako sa kabutihan ninyo.”

“Just take care of yourself. Sapat na kabayaran na iyon sa akin. Here,” at inabot sa kanya ang isang plastic. “Makakatulong iyan sa mga sugat mo.”

Muli siyang nagpasalamat. Nang i-start ni Sebastian ang makina ng sasakyan ay nag-aalangang sumakay sa passenger seat si Monette.

“Ingat sa pagmamaneho, Seb,” sabi ng doktor bago isinara ang pinto sa tabi niya. Sumaludo ang lalaki at pinaandar na ang kotse.



Namimigat na ang mga mata ni Monette pero hindi niya magawang pumikit kahit sandali sa dalawang dahilan. Una ay dahil siguradong oras na pumikit siya ay tuluy-tuloy na ang kanyang tulog. At hindi siya puwedeng makatulog dahil ikalawa, hindi niya kilala ang lalaking ito. Pumayag lang siyang sumabay rito dahil may tiwala siya sa doktor at masyadong mukhang aristokrato ang lalaking ito para paghinalaan niyang masamang tao.

He really looked like an aristocrat, undoubtedly with strong Spanish lineage. At sigurado siyang na-tan lamang ang balat nito.

“Kung tititigan mo lang ako buong biyahe ay mabuti pang matulog ka na lang,” anito, sinulyapan siya sa sulok ng mga mata, at ibinalik ang tingin sa daan.

Marahas na napasinghap si Monette, kasabay ng pag-iinit ng mga pisngi.

He had fierce, brown eyes. Mga matang nanunuot sa kaibuturan kung tumingin.

At huling-huli siya nitong nakatitig dito!

“Wala akong balak matulog,” aniya. Pilit na idinidilat

ang namimigat na mga mata.

Hindi ito kumibo pero binuksan ang compartment. Nanliit ang naniningkit na niyang mga mata nang iabot nito sa kanya ang isang *PSP*.

“Ano ito?”

“*PlayStation Portable*. Pampaalis ng antok.”

“Mga bata lang ang naglalaro nito,” bulong niya pero kinuha pa rin ang laruan. Mas mabuti na nga siguro iyon kaysa makatulog siya sa kotse ng estrangherong ito.



Sinulyapan ni Sebastian si Monette at muli ay lihim na napangiti. Nakatulugan na nito ang paglalaro ng *PSP*.

Nailing na binagalan niya ang takbo ng sasakyan at kinuha ang *PSP* na hawak pa rin nito at para i-adjust ang upuan nito.

Papasok na siya ng Maynila nang maalalang hindi niya alam kung saan ito ihahatid.

Itinigil niya ang *Land Cruiser* sa shoulder at marahan itong niyugyog.

Disoriented na dumilat ang dalaga. “What?”

“What’s your complete address?” mabilis niyang tanong, nag-aalalang baka muli itong makatulog.

“Sa Pasig,” bulong nito, idinikta ang numero at street. Iyon lang at nakatulog na muli ito.

Alas doce na ng madaling-araw nang ihinto niya ang sasakyan sa tapat ng isang puting gate. Bukas pa ang ilaw sa ibaba ng dalawang palapag na bahay.

Hindi pa man siya nakakababa ay dumungaw sa bintana ang isang matandang babae. Bumaba siya at kumatok sa gate.

Hindi ang matandang babae ang lumabas kundi isang matandang lalaki.

“Dito ho ba nakatira si Monette?” tanong niya nang

makalapit ito.

“Dito nga,” sagot nito, may pagdududa sa mga mata. “Bakit mo siya hinahanap?”

Hindi siya sumagot. Lumigid siya sa kabilang bahagi ng sasakyan at binuhat ang natutulong pa ring babae.

“Aba’t si Monette!” gulat na bulalas nito at mabilis na binuksan ang tarangkahan. Ang matandang babae na nakasilip lang sa pinto ay humahangos na lumapit sa kanila.

“Ano’ng nangyari sa kanya?” nag-aalalang tanong nito.

“Huwag ho kayong mag-alala, ayos lang siya. Nakatulong lang ho sa sobrang pagod. Saan ko ho ba siya p’wedeng ibaba?”

“Dito sa loob. Halika, tuloy ka.”

Iginiya siya ng natatarantang matandang babae sa isang silid sa ikalawang palapag.

“Ibaba mo na siya dito sa kama, anak. Salamat. Naku, talagang parang mantika kung matulog ang batang ito. Napapaligiran na ng mga tao ay hindi pa rin nagigising.”

Tinapik siya ng matandang lalaki sa balikat.

“Halika muna sa ibaba, anak. Magkape muna tayo.”

Sa sala ay napansin ni Sebastian na nangalahati na ang laman ng percolator.

Inabot nito sa kanya ang isang tasa ng kape. Malugod niyang tinanggap iyon.

“Hindi kami makatulong hangga’t hindi dumarating ang batang iyon. Ang asawa ko nga ay kanina pa naiiyak sa pag-aalala...”

Bahagya na niyang naintindihan ang sinasabi ng matandang lalaki. Ang atensyon niya ay napako sa katapat na dingding.

Nakapinta roon ang isang batis. Sa gitna ng batis

ay nakatayo ang isang batang babae at pinagmamasdan ang reflection nito sa tubig. Sa gilid niyon ay mayroong puno at sa lilim niyon ay isang batang lalaki ang nakaupo at natutulog.

“Maganda, di ba?” sabi ng matanda na nakatingin na rin sa mural.

Tumango si Sebastian. “Sino ho ang nagpinta?”

“Si Monette.”

Gulat na napatingin siya rito. Napangiti ito at humigop ng kape.

“Maliit pa lang ay gumuguhit na ang batang iyon. Iyang nakikita mo, iginuhit iyan ni Monette noong labing-tatlong taong gulang pa lang siya. At iyan,” itinuro nito ang painting sa likuran niya, “noong labing-apat na taon naman siya.”


Hindi magaling tumingin si Sebastian ng mga paintings kahit ilang exhibit na ang napuntahan niya. Pero walang dudang gifted si Monette sa pagguhit.

“Iyan din ang sabi ng ama niya,” anito nang isatinig niya iyon.

Sa pangalawang pagkakataon ay nagulat siya. At muling napangiti ang matandang lalaki.

“Hindi ako ang ama niya. Kami ng asawa ko ay kasama lang sa bahay na ito.”





“Sino ba iyong guwapong lalaking naghatid sa ‘yo kagabi?” usisa ni Aling Celing nang bumaba si Monette kinabukasan. Nagulat pa ang dalaga nang paggising ay makitang nasa sariling kuwarto na siya.

“At saka bakit may sugat ang mukha at mga braso mo? Saang lugar ka ba nagsusuot kahapon at dis-oras ka na ng gabi umuwi?”

Pahinamad na umupo siya at umungol ng protesta.

“Nana Celing, hinay-hinay lang. Hindi pa kumakain ang kalaban.”

Hindi kumikibong ipinaghain siya nito ng longsilog at umuusok na kape.

“Kumusta nang pakiramdam mo?” tanong ni Mang Willie.

“Okay lang, Tay. Medyo masakit pa din ang katawan ko saka mahapdi pa rin ang mga sugat ko.”

“Pinahiran ko na iyan ng gamot kagabi,” sabi ni Aling Celing. “May mga gamot doon sa plastic na dala mo, at saka ilang pain relievers.”

Walang puknat ang tingin ng matandang babae sa kanya habang kumakain siya. Talagang hinihintay siyang matapos kumain para makapagkuwento na siya.

Tatlong taong gulang pa lang si Monette ay kasama na nila sina Aling Celing at Mang Willie. Nang maulila siya, ang mag-asawang kawaksi na lang ang tanging kasama niya sa bahay na naiwan sa kanya ng ama niya. Ang mga ito na ang itinuring niyang pamilya mula noon.

Pagkatapos niyang kumain ay saka niya ikinuwento sa mag-asawa ang nangyari.

“Paano kang nagkamali ng nasakyan?” naguguluhang tanong ni Aling Celing.

Naitanong na rin ni Monette sa sarili iyon at kanina paggising niya ay saka lang niya naalala na sa sobrang panlulumo ay hindi siya tumawid ng kalsada kaya pa-southbound ang bus na nasakyan niya.

“Mabuti na lang at walang masamang nangyari sa ‘yo,” komento ni Aling Celing. “Pagpalain ng langit ang taong sumagip sa ‘yo, Anak. Gayundin ang doktor at ang binatang naghatid sa ‘yo rito kagabi.”

Napatango siya. Noon niya lang naalala na hindi niya napasalamatan si Sebastian sa paghahatid sa kanya.

Sinipat siya ni Mang Willie. “Kumusta nga pala ang lakad mo kahapon?”

Malungkot na umiling siya. “Tulad pa rin ng dati, Tay. Hindi ko na nga alam kung ano ang mali sa ginagawa ko.”

Tinapik nito ang kamay niya. “Huwag kang mawawalan ng loob, anak. Ganoon talaga ang buhay. Basta huwag ka lang tumigil sa pagsusumikap. Kami naman ay nandito lang kung kailangan mo ng tulong namin.”

Masuyo niyang nginitian ang matanda. “Salamat po.”



Sa tapat ng glass wall ng opisina, nakatayo ang nakakunot-noo na si Sebastian habang nakatitig sa naglalakihang buildings sa labas. Malayo roon ang nilalakbay ng isip niya.

Lumapit siya sa mesa at binuksan ang drawer. Kinuha niya mula roon ang isang kuwintas.

Iyon ang kuwintas na sumabit sa hook ng pamingwit niya. Nakalimutan na niya ang alahas hanggang sa iabot sa kanya ng labandera nila nang umagang iyon.

Binuksan niya ang locket at tiningnan ang luma at maliliit na larawan na nakita na niya kanina.

Ang larawan sa kanang bahagi ay walang dudang ina ni Monette. Malaki ang pagkakahawig ng dalawa. Ang sa kaliwa ay larawan ng isang lalaki na may kargang sanggol. Nakuha ng dalaga ang mga mata ng ama nito.

*“Ulila na si Monette,”* naalala niyang kuwento ng matandang lalaki na nagpakilalang Willie. *“Namatay ang tatay niya dalawang taon na ang nakakaraan dahil sa sakit sa puso. Ang nanay naman niya ay iniwan silang mag-ama pagkapanganak pa lang kay Monette. Wala na kaming narinig tungkol dito.”*

Those words made him sad, and he didn’t know why. Naisip niyang siguro ay naaawa siya kay Monette dahil malungkot ang istorya ng buhay nito.

Pero dalawang araw na ang nakaraan mula nang sagipin niya ang babae sa ilog ay paulit-ulit pa rin itong sumusulpot sa kanyang isipan.

He decided that it wasn’t just pity that he felt for her. Interesado siya rito, at sa talento nito.





Kinapa ni Monette ang tapat ng dibdib at muling nakaramdam ng kahungkagan. Wala na ang kanyang kuwintas. Nakakasiguro siyang nandoon na iyon sa ilalim ng ilog.

Ang pagkalunod ng manuscript niya ay hindi na ikinasama ng kanyang loob. Mayroon pa naman siyang soft copy niyon sa kanyang computer.

Pero hindi madaling tanggapin na naiwala niya ang kuwintas na pamana sa kanya ng ama. Naroon din ang nag-iisang larawan ng nanay niya.

Tulala siyang nakahiga sa kama at nakatingala sa kisame nang kumatok si Aling Celing.

“May bisita ka, anak,” tawag nito mula sa labas ng pinto.

“Sino ho?” tinatamad na tanong niya. Hindi siya masipag mag-entertain ng mga bisitang hindi niya kilala.

“Yung guwapong binata na naghatid sa ‘yo noong isang araw.”

Napabangon si Monette. Inayos niya ang hanggang balikat na buhok at lumabas ng kuwarto.

Sa gitna ng sala ay nakatayo si Sebastian at walang-kurap na nakatitig sa isang framed painting sa sala.

Mas pormal ito ngayon kaysa noong isang araw. Nakasuot ito ng long-sleeved polo na naka-tuck-in sa dark blue slacks at tinernuhan ng leather shoes.

Pero kahit gaano kapormal ang suot nito, rugged pa rin ang aura nito. Siguro ay epekto ng mahaba nitong buhok na hinayaang nakalugay, o sa paraan ng paglilis ng manggas ng polo nito.

“Ikaw din ang nagpinta nito?” tanong nito nang makalapit siya.

Kumunot ang noo niya. “Paano mong nalaman?”

“Sinabi ng matandang lalaki na kasama mo dito sa bahay. So, painter ka?”

“Hindi, mahilig lang akong magpinta. Ang tatay ko ang nag-frame niyan at ng lahat ng iginuhit ko. Not for sale iyan,” biro niya nang muli nitong titigan ang painting.

Naupo si Monette sa single sofa. Sumunod ang lalaki at naupo sa katapat na upuan.

“Kumusta ka na?” tanong nito. “Ayos na ba ang pakiramdam mo?”

“Mas okay na. Hindi na masakit ang katawan ko,” nakangiting sagot niya. “Thank you nga pala sa paghahatid mo sa akin at pasensya na kung nakatulog ako. Bakit narito ka?”

“Kailangan ko ng serbisyo mo.”

“Serbisyo ko?” aniya at biglang nagtaka.

“Sinabi ni Mang Willie na ikaw daw ang gumawa ng mural na iyon.” Sinulyapan ni Sebastian ang mural na nasa tapat nito. “I want one, too.”

“Pero matagal na akong hindi nagpipinta,” naibulalas niya. “Lalong matagal na ring hindi ako nakakagawa ng mural.”

“Hindi naman ako nagmamadali,” banayad na sabi nito. “P’wede mong pag-eksperimentuhan ang dingding ng condo unit ko. And of course, I’ll pay for the expenses.” Ipinahold muna ni Sebastian ang pag-interior decorate ng condo unit dahil gusto nitong magkaroon ng painting na gawa ng dalaga.

Ayaw kumagat kaagad ni Monette. Bukod pa sa masyadong matrabaho ang paggawa ng mural, kinakalawang na ang painting skills niya. Isa pa, plano niyang repasuhin ang rejected niyang nobela.

“Ang daming magaling na painter...” pasakalye niya.

“Mas mahal ang serbisyo nila,” walang habas na tugon nito. “Ano ba ‘yung magbayad ako ng isang hindi kilalang pintor? Makakatipid pa ako.”

Hindi niya malaman kung matutuwa o maiinsulto.

“Kung magkakaroon ng conflict sa work mo, p’wedeng tuwing weekends ka lang magtrabaho,” sabi ni Sebastian nang maaninag ang pagdadalawang-isip sa mukha niya.

Napailing ang dalaga. “Walang problema doon. Wala naman akong permanenteng trabaho.”

“What do you do for a living?” kunot-noong tanong nito.

“Nagsusulat ako.”

“Really? P’wede kong makita ang mga libro mo?”

“Wala pang napa-publish,” matabang na turan niya.

Muling kumunot ang noo nito pero hindi na muling nagtanong. Iniwas ni Monette ang tingin at huminto iyon sa painting na tinitingnan ni Sebastian kanina.

Painting iyon ng isang lalaki na tumutugtog ng piano sa gitna ng kalsada at tila walang naririnig na mga tao. Ginawa niya iyon noong fourteen years old siya habang nakikinig sa pagtugtog ng ama na isang music teacher.

Pero hindi alam ng mga tao na mahusay rin itong manunulat dahil kahit kailan ay hindi nakita ang pangalan nito sa cover ng libro. Ghost writer kasi ang tatay niya.

Kahit hindi nito sabihin, alam niyang pangarap din ng kanyang ama na makita ang pangalan nito bilang author ng isang libro. Isang pangarap na binaon nito hanggang sa pumanaw.

“This must be fate.”

Bumaling siya sa binata. “Ano?”

“May kilala kasi akong publisher,” simula nito

at tumigil para pagmasdan ang pag-iiba ng kulay ng kanyang mukha. “In fact, hindi ko lang siya kilala. He’s my brother-in-law.”

Hindi siya kumibo kahit may ideya na siya kung ano ang sasabihin ng kausap.

Seryosong tinitigan siya ni Sebastian. “If you want, p’wede kong dalhin ang manuscript mo sa kanya at ipa-publish.”

Nanuyo ang lalamunan ni Monette. I-publish ang manuscript niya... Parang dream come true.

“Hindi ganoon kadaling ma-publish ang mga libro,” sabi niya, ayaw magpatangay sa pambubuyo nito.

“Of course, dadaan pa rin iyon sa evaluation, pero I can assure you na kayang gawan ng paraan para masigurong ma-publish ang manuscript mo.”

Napapikit siya. Ang daling tanggapin ng alok ni Sebastian pero...

“No,” mahinang sabi niya na nakapagpagulat sa binata. “Ayokong ma-publish ang sinulat ko dahil lang sa may connection ako, o ikaw for that matter. Gusto kong dumaan ang manuscript ko sa normal na proseso ng evaluation.”

“No problem. So, tatanggapin mo na ang inaalok ko sa ‘yo? The mural, I mean.”

“Gusto ko munang makita ang lugar bago ako magdesisyon.”



Ipinasok ni Sebastian ang kotse sa basement parking lot ng isang twenty-five-storey building. Pumayag si Monette na sumama sa binata nang umaga ring iyon.

“Mayaman ka talaga siguro,” komento ng dalaga nang nasa loob na sila ng elevator.

Sinulyapan niya ito. “Paano mo nasabi?”

“Para ma-afford mo na magkaroon ng condo unit dito. Saka ‘yung kotse mo.”

“Masipag lang ako,” aniya. Lumabi lang ito at naunang lumabas ng elevator nang huminto sila sa twentieth floor.

Nang buksan ni Sebastian ang pinto ay kumunot ang noo ng dalaga.

“Bakit bakante pa ito?” tanong nito habang iginagala ang paningin sa loob ng unit.

“Wala akong gaanong time kaya hindi ko pa naaasikaso. By the way, this is where I want you to paint the mural.” Tinapik niya ang dingding na katapat ng bar. “Ang isa ay sa wall ng kuwarto ko.”

Umangat ang kilay ni Monette. “Paano kung hindi ko tanggapin ang trabaho?”

“Hahanap ako ng ibang painter,” kaswal na sagot niya. Wala siyang balak na sabihin dito na kapag tumanggi ito ay magpapa-wall to wall carpeting na lang siya.

Nilibot muna nito ang buong unit bago nagdesisyon.

“Magsisimula ako ng Monday morning. Ililista ko ang gagamiting pintura at lahat ng mga kakailanganin kong gamit. Gusto ko pagdating ko, lahat ng gamit ay narito na,” pahayag nito. “Siyanga pala,” at nagbababalang itinaas ang hintuturo, “ayokong naiistorbo ako kapag oras ng trabaho. Off-limits ang condo mo habang narito ako.”

“No problem. Maglalagay pa ako ng ‘do not disturb’ sign sa doorknob.” Inilahad ni Sebastian ang kanang kamay. “So is it a deal?”

Tinanggap nito ang kamay niya. “Deal.”



Sabado ay ini-sketch ni Monette ang naisip na disenyo. Linggo nang i-fax niya iyon sa opisina ni Sebastian. Tumawag ito para ipaalam na approved ang ideya niya at para sabihing nakahanda na ang lahat ng gamit na kailangan niya sa pagpipinta ng mural sa condo unit nito.

“Ititigil mo na ba ang pagsusulat mo?” tanong ni Aling Celing nang sabihin niya sa mag-asawa na magtatrabaho siya kay Sebastian.

“Pansamantala lang ho, Nana Celing. Itutuloy ko din iyon pagkatapos ng trabahong ito.”

Hindi niya masabi ang tungkol sa publisher dahil kahit siya ay hindi sigurado kung tototohanin ba ng binata ang alok nito.

“Napakabuti naman ng batang iyon. Tingnan mo at binigyan ka pa ng trabaho,” nakangiting sabi ni Mang Willie.

“Oo nga ho. May panggastos na tayo,” biro niya. Kung tutuusin ay hindi naman sila maghihirap kahit na hindi siya magtrabaho. Nakapagpundar ng lupa sa Mindoro ang kanyang ama noong nabubuhay pa ito. Pinasasakahan nila iyon. Mayroon din silang mga paupahang bahay sa Cavite.

Kaya malakas ang loob ni Monette na tumigil sa pagtuturo ay dahil alam niyang hindi sila gigipitin.

Lunes ng umaga nang sunduin siya ni Sebastian sa bahay niya.

“Pinuno ko ng pagkain ‘yung ref,” anito habang pasakay sila ng kotse. “P’wede kang magluto kapag nagugutom ka o magpa-deliver ka na lang kung gusto mo.”

“Okay, don’t worry. Kaya ko na’ng sarili ko.”

“Kailan ko makukuha ang manuscript mo?”

“Seryoso ka ba talaga?” nagdududang tanong niya.


“Hindi mo naman ako kailangang suhulan, eh.”

“Hindi suhol iyon. Kasama iyon sa package. Nasaan na?”

Bumalik siya sa loob ng bahay para kunin ang isang manuscript na naka-folder. Nang abutin iyon ni Sebastian ay napakagat-labi siya.

Idinaan lang siya nito sa condo unit at umalis na.





“O, ’yung bababa ng Ortigas, bumaba na! Bilis! Bilis!” sigaw ng konduktor na panay ang tingin sa labas, tinitiyak na walang traffic enforcer.

Madaling-araw na nang huminto ang kakarag-karag na provincial bus, bagaman bawal, sa tapat ng *Robinson’s Galleria*. Niluwa niyon si Dindin. Nakasimpleng maong, t-shirt at rubber shoes lamang siya. Mabuti nang walang nakakakilala sa kanya.

Kung minsan kasi ay nananaginip siya na binabalikan siya ng mga lumigpit sa kanyang mga magulang na aktibista. In-ambush ang mga ito sa New York labindalawang taon na ang nakakaraan.

Walang direksyon na nagpalakad-lakad siya. Pagod at kulang sa tulog, ngayon ay kumakalam na rin ang sikmura niya. Nahihilo na siya sa katitingin sa nagtataasang mga gusali.

“In God We Trust,” basa niya sa neon light na nasa tuktok ng isang gusali. Iniisip niya kung simbahan kaya ang nasa tuktok.

*Naroon kaya si Father McLaine? Kailangang makuha*



niya kaagad ang kanyang hinahanap na violin. Sabi ng sacristan mayor sa *San Antonio Chapel* sa Camarines Sur, isang Father McLaine daw ang nakakita noon, dinampot iyon at nagsasasayaw habang sumisigaw ng 'It's a miracle! It's a miracle!'

At lumuwas na raw ang pari ng Maynila. Kaya nga siya narito ngayon.

Mariing itinapak ni Dindin ang mga paa sa sementadong bangketa para maniwala siya nang tuluyan.

"Ito na nga ang Maynila," bulong niya sa sarili. Ibang-iba ang Maynila sa Camarines Sur kung saan siya lumaki.

*Kapag nakuha ko na ang biyolin, tutugtog ako sa harapan ng mga gusaling iyan. Maraming maghahagis ng barya sa akin, tiyak, naisip pa niya. Nangilid ang luha sa kanyang mga mata.*

*Di na ako babalik sa mansion ninyo, Señorita Cecilia. Kasi po, simula nang mailibing kayo, Cinderella na ang tawag sa akin ng mga balik-bayan ninyong pamangkin. Suminghot siya.*

*Sabi ni Millie, kuskusan ko raw ang mga nilulumot na gargoyles sa bubong ng mansion. Suminghot ulit siya. Takot po akong mahulog. At saka, ayoko pong maging si Cinderella. Gusto ko po maging biyolinista.*

Sa direksyon ng mga delivery vans pumihit ang kanyang mga paa. Nilapitan niya ang isang mama na nakatayo malapit doon na tila nag-aabang ng bus.

"Manong, Manong, saan po ba ang pinakamalapit na—"

"Ooy, tabi, tabi, tabi! Oops!"

Tinangka ni Dindin na umilag pero huli na. Tumilapon sa kanya ang ilang mabibigat na tray ng

doughnuts.

“Sinabi na kasing tumabi, Miss,” sabi ng delivery boy na kakamot-kamot sa ulo. Tila hindi naman ito galit, tila pa nga naawa sa kanya. Tinulungan siya nitong bumangon.

“S-sorry. H-hindi ko sinasadya.” Umiikot ang kanyang paningin. Bago tuluyang matumba muli ay napahawak siya sa unang bagay na kanyang nakita.

Nakabibingi ang tunog ng bagay na tila nabasag.

“Oh shit!” sigaw ng isang lalaki.

Sumubsob ang mukha at ulo ni Dindin sa kung anumang bagay na nahawakan niya. Bago pa man maisip ang state of calamity na napasok niya, ay dumilim na ang kanyang paningin.



“How’s the damned thing?” anang isang marahas na boses.

Naririnig iyon ni Dindin pero tila may nakapatong sa talukap ng mga mata niya na hindi niya magawang imulat ang mga iyon.

“Shh. She’s regaining consciousness. Cool ka lang. Maybe she’s hungry, tired, and a bit dehydrated kaya nag-collapse. Give her soup and she’ll be okay,” sagot ng isa pang tinig-lalaki na hula niya ay nasa tabi lamang niya.

Nararamdaman niyang may nilapat-lapat ito sa dibdib niya. Malamig. Stethoscope marahil.

Kapag dinadala siya ni Señorita Cecilia sa doctor noon ay ganoon ang ipinapatong sa kanyang dibdib. Ayaw niyang dumilat para tingnan iyon. Kunsabagay, pakiramdam ni Dindin ay ligtas naman na siya. Mahinahon ang boses ng lalaki. Nasamyong pa niya ang men’s cologne na gamit nito.

“She’s okay now,” anito.

Nararamdaman niyang may kausap ito na tila galit. At siya ang pinag-uusapan. Nakalabas na ang dalawa ay naririnig pa rin niya ang tikhim ng kausap nito. Narinig din niya ang salitang ‘probinsiyana’ pagkatapos ay naghalakhakan. *Ang mga animal!*

“Aray!” daing ni Dindin, sabay hawak sa ulo. Tila mabibiyak iyon na parang nasagasaang pakwan. Pinakiramdaman niya ang mukha. Napasinghap siya nang masagi ng mga daliri ang ilong. Natuklap yata ang balat niyon. Ganoon din ang kanyang mga pisngi. May benda pa sa kanyang noo.

Inunat-unat niya ang mga kamay. Binilang ang mga daliri, hinipo ang pulsuhan, saka huminga nang malalim. Kahit maging kasimpangit siya ni *Kampanerang Kuba*, wala siyang pakialam. Huwag lang malaspag ang kanyang mga kamay. Bata pa lamang, alam niyang nasa mga kamay niya ang kanyang kinabukasan.

Dahan-dahan niyang iginalang paningin sa paligid. Puti ang kurtinang nakahawi. Bukas ang bintana at may sumisilip na pulang rosas sa silid mula sa hardin. Bahay iyon at hindi ospital, tulad ng una niyang inakala.

‘Berlin Philharmonic Orchestra’ ang nakasulat sa pabalat ng isang librong may kalakihan. Naroon iyon sa bookshelf, kung saan matagal na napako ang kanyang paningin. Sa ibaba niyon ay may mesitang mabigat, katulad ng mga antigong mesita sa mansion ng aristokratang si Señorita Cecilia. May nakapatong na kristal na pitsel doon at isang baso. Kitang-kita ni Dindin ang tubig, kumikislap sa sinag ng araw na tumatama roon. Nakaramdam siya ng matinding uhaw. Dahan-dahan siyang bumangon para uminom sana.

Lumunok siya at natigilan. Mukha ng kanyang gurong si Cecilia ang sumagi sa kanyang balintataw. Nagpaparamdam yata ito dahil sa nawala niyang instrumento na binigay nito sa kanya.

Pagkaalala sa biyolin na hinahanap, pinilit niyang bumangon.

“Salamat na lang kung sino ka mang kumupkop sa akin, pero, kailangan ko nang umalis,” bulong niya.

Kagabi, ang suwerte-suwerte niya. Napakiusapan niya ang konduktor ng bus na bigyan siya ng discount. Pumayag naman. Ngayon, pakiramdam niya ay wala na siyang pag-asa. Wala siya ni isang kusing dahil nasa maleta niya ang kaunting perang naipon niya, at ewan kung nasaan iyon. May benda pa siya sa ulo. Ni hindi niya alam kung nasaan ang kanyang sapatos.

Sinipat-sipat ni Dindin ang silid. Nakinig kung ano ang nasa labas ng pinto. Pagaspas ng dahong nilalaro ng hangin ang kanyang narinig at hindi iyon galing sa kabilang pinto. Maingat niyang inakyat ang bintana at tumalon kahit na dumadaing sa sakit ang kanyang ulo.

“Aray... Araykup—” Dagli niyang tinakpan ang bibig. Napaluha siya sa pagkirot ng ulo at dahil sa kung anong natapakan niya at bumaon sa talampakan niya.

Saka naman bumukas ang pinto ng kuwarto at iniluwa noon ang isang lalaki. Nang rumehistro sa isip nito ang tinatangka niyang gawin, nagsalubong ang mga kilay nito. He looked savage.

“Gising ka na pala.” Nakahalukip ang mga braso nito. “At may balak ka pang tumakas, after what you’ve done?”

Hindi makakilos si Dindin sa kanyang kinalalagyan. Mabilis na lumapit ang lalaki sa bintana. Nanlaki ang mga mata ng dalaga. Sa isang iglap ay hawak na siya ng lalaki sa magkabilang kili-kili at kinarga siya pabalik sa

loob ng kuwarto, animo bata.

“Kumain ka muna ng sopas saka tayo mag-usap,” anito. Ibinaba siya nito sa gitna ng silid, pagkatapos ay halos kinaladkad siya palabas. Paika-ika siyang sumunod. Nakita niya bumakas ang dugo sa sahig mula sa kanyang mga paa. Masakit din kapag iniiaapak niya iyon. Malamang may tinik siyang natapakan.

Pinaupo siya ng lalaki sa isang silya. Sa harap niya ay isang malaking mangkok ng sopas. Naupo ito kaharap niya pero wala siyang balak na salubungin ang tingin nito. Nahihiya siya at natatakot dahil sa kung anumang nagawa niya rito—kung anuman iyon. Ang huli niyang naalala ay may nabasag yata siya. Pag-aaari iyon malamang ng lalaking ito na ang mga titig ay tila bumabaon sa kanyang laman.

“Sumubo ka na.” Maragsa ang tinig nito, animo mabagsik na ungol ng leon.

Nanginginig ang mga kamay na sumunod si Dindin. Bahagya niyang sinulyapan ito saka napaubo. *Yikes! Balbas-sarado!*

Kumain siya nang pilit. Walang lasa ang sopas na inihanda ng lalaki sa kanya pero naisip niyang mabuti nang magkunwari siyang nagustuhan niya iyon. Baka kung ano pa ang gawin ng mama sa kanya kapag umangal siya.

Sa kanyang pagkadismaya, nagpakawala ang kanyang tiyan ng isang malakas na dighay na hindi niya napigil. Napakagat-labi siya sa hiya.

“Mag-usap tayo,” sabi ng lalaki. Sumenyas ito na sumunod siya sa salas. Paika-ika siyang naglakad, pigil na pigil ang pagdaing.

Sana may mangyari. Kahit na ano. Basta huwag lamang siyang harapin at kausapin ng mamang ito. Sana bumagsak ang eleganteng bentilador sa kisame.

Mabigat iyon dahil gawa sa kahoy ang mga pakpak at may chandelier pang kasama. Maaari siyang mawalan ng malay kung saka-sakali, o kaya mabagok ang lalaki kung ito ang babagsakan niyon.

Saglit na pumanaog ito sa isang bahagi ng bahay habang nananalangin si Dindin na lumindol kaya.

Nang muli itong magpakita, may dala-dalang na itong first aid kit.

“Ipatong mo’ng mga paa mo.” Itinuro nito ang sariling kandungan. Nagsimula itong maglabas ng alcohol, iodine tincture at bulak.

Nanlaki ang mga mata ni Dindin. Sigurado ba ang mamang ito sa gagawin nito? Matagal marahil siyang nakatulala dahil ito pa ang padabog na dumaklot sa kanyang mga paa at ipinatong iyon sa hitang nababalot ng kupas na pantalong maong na may punit sa bandang tuhod. Sinimulan nitong linisin ang kanyang sugat.

“Sa uulitin, ayokong umaalis ka sa pamamahay ko nang walang paalam,” panimula nito, sabay hugot ng bulak sa lalagyan. “Huwag na huwag mong susubukang lumayas nang hindi nakakapagbayad dahil hahanapin kita kahit saan.”

Napaigtad si Dindin. Hindi niya malaman kung dahil sa hapdi ng alcohol o dahil sa singhal ng lalaki. Pinigil niya ang imboluntaryong paggalaw ng kanyang mga binti nang binubunot nito ang ilang tinik ng rosas na bumaon sa kanyang laman, sa pamamagitan ng tiyani.

“Ano’ng pangalan mo?” untag nito.

“D-Dindin ho.”

“Dindin? Nagsisinungaling ka ba?”

“H-hindi ho.”

“Verdinni Alto ang nakalagay sa maleta mo. Ninakaw mo ’yun?”

“T-tunay na pangalan ko iyon.” Pinigil niyang

mapapiyok.

“Alam mo ba kung ano ang ginawa mo sa cello na dini-deliver ko kanina?” tanong nito. Kumunot ang noo ni Dindin na waring nagtatanong.


“Nagmamaang-mangan ka ba? O hindi mo alam dahil talagang may katangahan ka?” hamon ng lalaki.

“D-di ko sinasadyang matapunan ng mga doughnuts. Umilag ako. B-bumangga ako sa isang... isang muwebles. Tapos dumilim ho ang paningin ko.”

“Bulag ka bang talaga? Muwebles!” Namumula na ito sa galit. “Cello ang binangga at binasag mo. Alam mo ba kung ano ang hitsura ng cello?” sikmat nito, sabay yugyog sa kanyang balikat. “Alam mo ba?”

“Oo, oho... alam ko ho.” Inilagay niya ang mga kamay sa magkabilang tainga at ipinikit ang kanyang mga mata. Ibinaba ng lalaki ang mga kamay at tumiklop na parang lantang gulay si Dindin.





“**K**alahating milyong piso. Di ka aalis sa paningin ko hangga’t di mo nababayaran iyon,” mariing sabi ng *Mamang Leon*.

Nanginginig na tumangu-tango si Dindin.

Nang umalis ang lalaki sa harapan, niyakap niya ang kanyang mga tuhod para pigilin ang panginingig ng mga kalamnan. Sinubukan niyang huminga nang malalalim.

“This will calm you down. You’re shaking.” Iniabot sa kanya ng lalaki ang isang kutsarita na may lamang gamot.

“Drink.”

Kinuha niya ang kutsarita. Muntik nang matapon ang gamot dahil sa panginingig, kaya hinawakan nito ang kanyang kamay. Ginabayan nito ang kutsaritang isusubo niya.

“Are you scared of me?” tanong nito. Hindi siya handa sa tanong na iyon, hindi siya nakasagot. “Hindi ako nangangain ng tao.”

Nagawa niyang ngumiti nang matipid.



Dumantay ang mga daliri nito sa benda ni Dindin sa noo. Nahintakutang inilayo niya ang kanyang sarili sa lalaki.

“At hindi rin ako ganoon; kung iniisip mo ang naiisip ko.”

Kinagat niya ang kanyang labi.

“Are you scared of me? Tell me honestly.”

Tumango siya. Humugot ng hininga ang lalaki at saka siya iniwan sa salas.



Inilibot ni Dindin ang paningin sa loob ng kabahayan. Puti ang kulay ng pintura sa dingding. Bughaw lamang ang ibang kulay na litaw na litaw. Napakasimple ng ayos niyon. Ang mga bintana ay walang grills at ang tanging namamagitan sa maayos na loob at sa mayabong na hardin sa labas ay mga puting kurtina lamang. Pinahihintulutan ng mga ito na pumasok ang banayad na liwanag.

Ang mga upuang kahoy ay mabibigat at payak ang pagkagawa. Ang sofa ay mayroong kutson na nababalutan ng puting tela. Nakita na niya sa isang magazine ang ganitong uri ng bahay. Karaniwang tanawin ito sa mga bulubundukin at mabangin na lugar sa Milos, Greece. Malimit na nakaharap ang ganitong mga bahay sa dagat. Suwerte raw kasi, ayon sa paniniwala ng mga Griyego. Pero itong bahay na ito, wala namang dagat sa harapan. Baka nga malas ang lalaking nakatira rito. At malas din siya.

Paglilinisin si Dindin ng lalaking ito sa buong kabahayan. Napakagat-labi siya nang maalala iyon. Si Señorita Cecilia ay ingat na ingat sa mga kamay niya. Sa bawat araw na ginawa ng Diyos ay limang oras na pag-eensayo sa pagtugtog ng biyolin ang ginagawa nila.

Hindi siya nito pinahahawak ng mabibigat na gawain.

Pero ano ba naman ang maipapambayad niya sa nabasag na cello? Wala pang limangdaan piso ang baong pera niya. Siyempre, aalilain siya ng *Mamang Leon*. Habampanahon kaya ang pagbabayad ng kalahating milyon?

“Verdinni...”

Napatalon siya nang tawagin siya ng lalaki. ‘Verdinni’ ang itinawag nito sa halip na ang palayaw niya.

“Isuot mo ito at sumama ka sa akin,” utos nito, sabay hagnosis ng isang pares ng tsinelas. Sumunod uli siya. “Ito ang mga silid. Limang pinto lahat-lahat iyan.”

Sa dulo ng pasilyo, sa bandang timog, ay may banyo at palikuran. Binuksan ng lalaki ang paliguan. Puti ang kulay niyon.

*Mahirap linisin*, tantya ni Verdinni. May bathtub pa. Gayunpaman, nagustuhan niya ang amoy-lemon niyon.

“At ito ang kusina.”

Binuksan nito lahat ng cabinet, pati refrigerator na dalawa ang pinto. Puno iyon ng pagkain. Puwede nang maghanda sa isang bahay-ampunan ang lalaki sa dami ng pagkaing nakaimbak doon.

“Marunong ka bang magluto?”

“Oho. Namasukan ho akong katulong sa probinsya.”

Kalahating totoo, kalahating kasinungalingan iyon. Dahil wala namang hininging kabayaran si Señorita Cecilia sa pagtira niya sa mansion at sa pagtuturo nito sa kanya, siya ang nagpupumilit na kahit sa anong paraan ay makatulong sa mga gawaing-bahay, lalo na sa kusina. Naalala niya ang mga muffins at bibingka at iba’t ibang klaseng spaghetti na niluluto nila ng matandang babae.

Tinuruan din siya nito kung paano dapat ayusin ang tasa, tinidor, kutsara, kutsilyo, plato, platito sa mesa.

Dinala siya ng lalaki sa bandang likod ng bahay kung saan siya puwedeng magsampay ng damit. Sinamantala naman ni Verdinni ang pagkakataon na iyon para igala ang paningin sa malawak na bakuran. Maraming bougainvillea at mga rosas na namumulaklak pero napakagulo ng mga iyon. Halos ay sinasakal na ng mga damo ang buong paligid.

“Mayroong namumugad na ahas diyan sa ilalim ng mga kawayan, kaya mag-iingat ka kapag hinawakan mo iyan,” bilin nito, sabay tingin sa kanya. Marahil ay nabasa nito ang iniisip niyang paghahanap ng labasan sa bakuran para makatakas na muli kaya ngayon ay tinatakot siya.

Muli silang pumasok sa kabahayan at dinala sa isang silid. “Ito ang shop ko. Wala kang gagalawing mga bagay rito, pero kailangang alisan mo ng alikabok araw-araw ang mga iyan. Walisan mo ang sahig bago ako pumarito.” Parang hari ito kung mag-utos, hindi niya ito masusuway. Baka mamaya, lapain na lamang siya ng lalaking ito na mukhang leon.

Pumasok sila sa silid na iyon na amoy-barnis at tuyong kahoy. Malamlam at medyo ginintuan ang liwanag na pumapasok sa silid na iyon. Nagkalat ang kusot at kahoy sa sahig. Maraming pira-pirasong kahoy na nakasabit sa dingding. Ang iba naman ay nakasalansan. Hugis biyolin at cello ang mga ito.

May ilang makinarya sa silid na iyon. Ang isang makina ay tila lagaring ang mga ngipin ay maliliit. Ang isa naman ay may dalawang mabigat na tablang metal. May nakaipit na sirang biyolin doon, para itong sandwich.

Mayroon ding mesa na may dalawang maliwanag

na study lamps. Nakaayos sa mesang ito ang iba't ibang maliliit at matatalim na pait na parang mga sundalong naghahanda sa *Balikatan Drill*. Sa isang mesang mahaba, nakahanay ang halos patapos nang mga biyolin at cello. Kulang na lang sa mga ito ang barnis.

Saglit na tumigil ang lalaki nang mapansing lumiwanag ang kanyang mga mata. Napatitig ito sa kanya nang buong ingat niyang hinipo ang isang nakasabit na biyolin. Napaso si Verdinni ng mga mata nito kaya bigla niya ring hinila ang kanyang kamay palayo sa instrumento.

“Magsimula ka nang magtrabaho,” utos nito sa maragsang tinig at tinalikuran siya.

“Ano ang dapat kong—”

Nakatalikod sa pinto ang lalaki at ngayon lang niya napansin ang malapad na balikat nito. Bakat ang mga kalamnan nito sa suot na manipis na t-shirt.

“Mamang Le—Mister, eh, ano ho ang dapat kong gawin?”

Tumigil ito sa paglakad at nilingon siya. Tiim ang bagang nito. Sinasaksak siya nito ng matatalim na tingin. Para na rin siyang nasakmal nang sumigaw ito.

“Get out! Go to the kitchen!”

Bago pa siya *malapa* ay kumaripas na siya ng takbo. Napahikbi na lang si Verdinni. Hindi siya sanay na binubulyawan. Kahit na istrikto si Señorita Cecilia, hindi ito naninigaw na parang Bulkang Mayon ang bumbunan.

Humihikbi man, nagsimula siya sa mga kailangang gawin. Tiningnan niya ang cupboard na punumpuno ng beans at iba't ibang kulay ng harina. Ang mga ito ay nakalagay sa naglalakihang garapon. Mayroon ding mga de-latang sauce, iba't ibang herbs, patatas, at kamote.

Ang refrigerator na double-door ay punung-puno

rin ng laman. Ang stove ay moderno; may oven pa. Kumakalam na ang kanyang sikmura. Pasado ikalima na ng hapon. Kailangang maghanda na siya ng hapunan... kung ayaw niyang siya ang gawing hapunan ng *Mamang Leon*...

Naisipan niyang magluto na lamang ng pinakbet. Pero wala siyang makitang kalabasa, sitaw, at alamang. At wala rin siyang makitang bigas. Makalipas ang sampung minutong pag-iisip ay nakarinig siya ng tikhim. Ang leon! Maghahapunan na yata.

*Katapusan ko na. Diyos ko po, tulungan Ninyo ako. Tutugtog ako ng biyolin sa simbahan buong buhay ko, iligtas N'yo lang po ako sa halimaw na ito.*

Wala naman itong sinabi, sa halip ay nagtuluy-tuloy ito paakyat sa ikalawang palapag ng bahay. Nang marinig niya ang lagaslas ng tubig mula sa banyo, nakahinga siya nang maluwas. Maliligo ito at may oras pa siyang magluto.

Dagling kumuha si Dindin ng isang malaking pizza dough sa freezer. Ganoon ang nakita niya sa *Good Housekeeping Magazines* na dala ng mga pamangkin ni Señorita mula sa Amerika. Nagbukas siya ng de-latang tomato sauce, kumuha ng keso, bell pepper, salami, pati talong.

Bahala na. Nagmamadali niyang inihanda ang mga iyon. Ipinatong niya ang sangkap sa pizza dough at mabilis na inilagak ito sa mainit na oven.

Nang masilip ang papalubog na araw sa bintana ay binuksan niya ang ilaw. Chandelier ang umilaw sa kusina. Ginintuan at banayad ang liwanag niyon kaya hindi masakit sa mata. Habang niluluto ang pizza ay hinanda naman niya ang natirang sopas. Nilagyan niya ng ibang sahog iyon at dinagdagan ng asin saka ininit. May lasa na iyon ngayon, di tulad ng pinahigop sa

kanya nito kanina.

Naisipan din niyang gumawa ng salad mula sa lechugas. Matapos mahalungkat ang table napkins at mabibigat na pinggan, inihanda niya ang mesa—good for one. Sa kusina na lamang siya kakain.

Samantala habang hinihintay ang pizza, may kakaibang kapayapaan siyang naramdaman nang mga sandaling iyon. Pinunasan niya ang salamin ng bintana sa itaas ng lababo at matagal na nagmasid sa labas.

Kulay pula at lila ang langit. Papalubog na ang araw. Iba ang kanyang pakiramdam kapag ganoon ang tanawin. Iyon bang parang nabunutan siya ng tinik sa dibdib. Na ang mga problema ay naglaho na tila nalusaw na usok.

Isang banayad na hangin ang umihip sa kanyang tainga. Mainit-init iyon. Gusto niya ang naaamoy na musk at pine... at hindi iyon galing sa niluluto niya.

Sadyang di siya kumilos pero nanlaki ang kanyang mga mata. Ang *leon*, mismong nasa likod niya. Inaamoy ba siya nito bilang hapunan?

Tila may boltahe ng kuryente na lumatay sa kanya, mula sa tainga hanggang sa talampakan.

“Di mo ’ko sinasagot. Sabi ko, luto na ba ang pizza?” untag nito na parang nagbuhos ng ice-water sa likod niya. Napatalon si Dindin sa bagong sensasyon.

“H-ho? Y-yes, Sir.”

Nang maihanda nang maayos ang hapunan sa ibabaw ng antigong mesa ay dali-dali siyang umeskapo. Iyon nga lang, bago pa niya iyon nagawa ay nahagip siya nito sa braso.

“You will eat here,” mariing saad nito, sabay turo sa katapat na upuan. Takot siyang salungatin ito kaya sumunod siya. Nakita niyang bumakat ang kamay nito sa braso niya.

Sa isang iglap ay may dala na itong table napkin, tinidor, kutsara, bowl at pinggan. Iniayos ng lalaki ang mga iyon sa harapan niya.

“T-thank you,” mahinang sabi ni Verdinni. Para siyang may harina sa bibig.

Pasimple niyang pinagmasdan ang lalaki habang nakayuko ito at kumakain. Balbas-sarado ito, pero makinis ang mukha. May katangusan ang ilong, manipis ang mga labi.

Iniangat nito ang ulo at bigla siyang lumingon pakanan, kunwa ay sinusuri ang gilid ng mesa.

“Tell me about yourself, Verdinni. Where you came from, where you studied, and if you know where your name came from.” Marahan na ang boses nito ngayon, hindi katulad kanina.

Hindi siya sigurado kung bunga lang iyon ng imahinasyon niya, pero tila tumayo ang balahibo niya nang banggitin nito ang pangalan niya. Parang napakagandang pangalan niyon nang iusal nito.

“L-lumaki po ako sa Goa, sa Camarines Sur. Siyam na taong gulang pa lang ako nang mamatay ang mga magulang ko,” nakatungo ang ulong tugon niya. Hindi niya sinabing marunong siyang magsalita at magsulat ng English at Spanish sa pagtitiyaga na rin ng kanyang gurong si Señorita Cecilia.

“Verdinni... Do you know where your name came from?”

Alam niyang hango iyon sa pangalan ng isang violinist at composer—si Giuseppe Verdi. Pero alinlangan siyang sabihin dito ang totoo.

“S-sa pangalan ng mga magulang ko ho. Vera ang pangalan ng nanay ko at, at Di... D-Dinnis naman ang pangalan ng tatay ko.” Pagkasabi niyon, kinagat niya ang sariling labi.

“Dinnis?” Kumunot ang noo ng lalaki. “I’ve never heard of a man named ‘Dinnis’.”

“T-totoo ho ’yun. Eh, ba’t kapag tinatawag siya ng kumpare niya, ang sabi, ‘Dinnis! Dinnis! Ay, dimunyu, binaha an paruy ko! Pwidi maghuram singkwinta?’ ”

Tumangu-tango ang lalaki habang tini-tinidor ang salad. Kaya lang naniningkit pa rin ang mga mata nito na tila ayaw maniwala.

“Ano ang ikinamatay ng mga magulang mo?”

“C-crash, er, aksidente ho. Habang nasa biyahe sila—nasa highway,” pagsisinungaling niya.

Ayaw niyang may makaalam na anak siya ng magagaling na musikero at aktibistang in-ambush sa New York ng isang hired killer. Puwedeng hinahabol din siya ng mga pumatay sa mga ito at mahirap nang magtiwala.

“I was just curious.” Bumuntong-hininga ang lalaki. “Your surname is Alto. Maybe you are related to Miguel and Eliza Alto. Do you know them?”

*Sina Mama at Papa!*

Ganoon ba kasikat ang mga magulang niya na kilala ang mga iyon ng lalaking ito?

“H-hindi ho. B-baka kaapelyido lang namin. Saan ba sila nakatira?” kaswal niyang tanong.

“They lived here in Manila. They were very good musicians. Maybe they died about the same time your parents died,” anang lalaki na nakatanaw sa malayo.

*Diyos ko po! Sindikato ito.*

Walang duda. Ganoon nga ang mga kriminal—balbas-sarado, kunwa-kunwari pang gumagawa ng cello at biyolin. Kung hindi ay bakit alam na alam nito ang tungkol sa mga magulang niya?

Ano ba itong napasukan niya? Paano niya ito matatakas? Baka bukas nang umaga ay makita na



lamang na lulutang-lutang ang katawan niya sa Manila Bay...

Ang maikling katahimikan ay napukaw nang mag-ring ang telepono. Napatalon sa gulat si Verdinni. Tumayo ang lalaki saka nagtungo sa salas matapos itabi ang kutsilyo at tinidor. Ibig sabihin, tapos na itong kumain.


“Yumingco here. Yes, good evening, Mr. Zhang... I...” Sandaling pinakinggan nito ang kausap. “I see. I’ll deliver her right away.” Tumawa pa ito nang bahagya. “Okay, tomorrow morning, Mr. Zhang.” Ibinaba na nito ang telepono.

Dinig na dinig iyon ni Dindin. “I’ll deliver her right away...”

At na-imagine na niya ang sariling nakagapos at may nakataling panyo sa bibig at dini-deliver kay Mr. Zhang.

Nagkunwari siyang abala sa pagliligpit ng pinagkainan, kahit kumakabog sa kaba ang dibdib niya. Habang naghuhugas ng pinggan ay kung anu-ano ang iniisip ni Verdinni. Unang-una na kung paano siya tatakas mamaya, kapag tulog na ito.





**T**atakas si Dindin ngayon. Ngayon, habang walang buwan ang gabi. Habang madilim at tahimik ang kapaligiran.

*Ilang kilometro kaya ang layo ng bakuran sa highway?* tanong ni Dindin sa sarili. Sa katahimikan ay may naririnig siyang mahinang ingay ng sasakyang dumadaan. Pero parang napakalayo ng mga iyon. Ah, bahala na. Ang mahalaga ay makaalis siya sa bahay na iyon ngayong gabi.

Dahan-dahang bumangon si Verdinni. Nakabihis na siya. Handa na rin ang kanyang maleta na natagpuan niya kasama ng kanyang sapatos sa likod ng pinto. Naroon pa rin ang baryang pera niya.

Bahagya siyang napangiwi nang isuot ang sapatos. Mahapdi pa rin ang mga sugat sa kanyang talampakan.

Buti na lang at sa guest room siya pinatulog ng lalaki. Iyon lang ang silid-tulugang nasa first floor ng bahay. Sa labas, maingay ang pagaspas ng mga dahon ng kawayan. Malamig ang hangin at medyo malakas na tila uulan anumang oras. Lumilipad-lipad ang mga

kurtina na para bang malalantik na kamay. Nanginginig siya nang bahagya.

Sa kusina siya balak dumaan. Kanina ay may nakita siyang maliit na bakal na tarangkahan. Di ito kitang-kita dahil natatabunan ng mataas na damo.

Tanging ang tunog lang ng maong niya ang maririnig habang tumatawid siya sa masukal na sulok ng hardin. Napakadilim ng gabing iyon. Ni isang bituin ay wala siyang makita. Sakaling umulan nga, naisip niyang mas mabuti na rin iyon. Walang makakaaninag sa kanya sa dilim.

Nang makapa ang bakal na tarangkahan, kaagad niya iyong pinihit pero tumunog iyon nang napakalakas. Napatigil siya at nakiramdam. Napatalon siya at napatili nang biglang kumidlat at sumunod ang pagkalakas-lakas na kulog. Dala ng kaunting panic ay mabilis niyang pinihit-pihit ang bolt. Lumikha iyon ng malalakas na ingay, hindi malayo sa nilalagaring bakal.

Lingid sa kanyang kaalaman, nagising ang lalaki sa lakas ng kidlat at kulog. Tumayo ito para sarhan sana ang bintana ng silid. At narinig nito ang ingay ng tarangkahang binubuksan. At tuluyan na itong nagising.

Ngumiti si Verdinni. *Yes!* Sa wakas ay nabuksan niya ang makitid na tarangkahan. Malaya na siya! Tumili siya nang makalabas sa bakuran. Pero kawalan pala ang sasalo sa pangalawang hakbang niya. Nasalo siya ng ilang punong matitinik ang katawan. Sa biglang buhos ng ulan ay humapdi ang mga gasgas na nilikha niyon sa balat niya.

Bangin pala ang nasa labas ng bakuran. Gayunpaman, hindi nawalan ng pag-asa si Verdinni. *Puwedeng mababaw lang ito, naisip niya.*

Umusad siya pababa. Sugatan man ang kanyang mga kamay, pilit pa rin siyang kumapit sa mga ugat-ugat. Kung anu-ano ang tinatapal ng ulan sa kanyang mukha. Kung anu-anong ugat din ang kanyang kinakapitan. Di sinasadyang nahulog niya ang isang sapatos kaya sinunod na rin niya ang isa. Magkikita-kita na lang sila sa ibaba.

Mayamaya ay gumuhit ang isang matalim na kidlat. Napatili siya. Napakalayo pala niya sa lupa, napakalalim ng bangin na iyon! Hindi siya mabubuhay kung malaglag siya roon. Ang kanyang mga paa ay dinuduyan-duyan ng hangin.

“Verdinni! Verdinni!” Ang boses ng isang lalaki ay tinangay ng hangin at pinaglaruan. Ganoon din ang ginawa ng hangin sa kanyang mga saklolo.

Napapikit siya. Wala na siyang lakas para umakyat pataas. Kapag naman nagpaubaya siya ay pira-piraso siyang babagsak. May naaninag siyang liwanag. Hindi kidlat iyon.

“Help me. Help me,” bulong ng nangangatal niyang mga labi.

“Hang on!” sabi ng isang boses. At naramdaman niya ang basa pero mainit na katawan ang sumalikop sa kanya. Inihilig niya ang kanyang mukha sa malapad na dibdib. “Open your eyes, dammit!” singhal nito. At dahil doon, nakilala niya kung sino ang nagliligtas sa kanya. Inilapit nito ang lubid na kinakapitan nito. “Humawak ka.”

Sumunod siya at lalong idinikit ang sarili rito.

“It’s a stupid way to die, you know!” sigaw nito malapit sa tainga niya.

“Don’t shout at me!” sigaw niyang pabalik, habang nakalambitin sa tali. Buong-lakas niyang hinila ang

sarili pataas. Wala siyang pakialam kung natapakan niya ang mukha nito o natadyakan ito.

Pagapang na narating ni Verdinni ang mataas na lupa. Hindi niya alam kung basang damo o buhok niya ang nakatakip sa kanyang mukha. Hustong sinulyapan niya ang lalaki sa likod nang isang kidlat ang tumama sa gilid ng bangin. Parang dinamita sa lakas ang kulog na kasunod niyon, nakita pa niya ang usok. Bagay na ikinagulat ng lalaki. Nawalan ito ng panimbang at napabitiw sa lubid.

“Kumapit ka!” sigaw ni Verdinni sabay dapa at hagip sa basang kamay nito. Ang kanyang mga paa ay ini-hook niya sa mga damo at sa pader sa gilid ng gate.

Napakabigat ng lalaki. Pakiramdam ng dalaga ay mapipigtas ang kanyang mga braso sa bigat nito. Tiim-bagang niyang hinila ito. Sa isang iglap ay kapwa sila tumilapon sa damuhan sa loob ng bakuran. Nadaganan siya ng lalaki at nagkatitigan sila. Kung hindi pa kumidlat uli, hindi pa sila matatauhan.

Tumayo ito at sumunod siya. Hinawakan siya nito sa braso nang muntik na siyang mabuwal. Pakiramdam niya ay gulaman na ang kanyang mga binti.

“H-hindi. Kaya ko na ’to,” aniya na hinawi ang bisig na umaalalay sa kanya. Pero bumagsak siya sa lupa kaya kulang na lang ay kaladkarin siya ng lalaki papasok sa bahay dahil sa inis.

Walang sinuman sa kanila ang umimik. She blindly followed him as he guided her upstairs, leaving a trail of rainwater behind them. Napadilat si Dindin nang dalhin siya nito sa banyo.

Sa isang iglap, tinalupan nito ang sariling katawan ng basang t-shirt at jeans. Hinila siya nito at sabay silang tumapat sa shower. Hindi siya makatayo mag-isa dahil nanginginig siya, kaya inalalayan siya nito. Hindi

niya malaman kung saan itututok ang mga mata para hindi makita ang kahubdan nito.

“Put your arms up,” utos ng lalaki. Umiling siya na parang batang ayaw maligo. “Put your arms up,” sigaw nito.

Awtomatiko niyang itinaas ang mga bisig. Sa ilalim ng mainit-init na shower ay walang anumang hinubad ng lalaki ang putikang t-shirt at punit-punit na maong ni Verdinni.

Ramdam na ramdam niya ang pag-alis nito sa iba pang saplot niya, ang pag-agos ng maligamgam na tubig ng shower at ang marahang dampi ng malalapad na palad nito habang nililinis ang buo niyang katawan. Napapasinghap siya kapag dumarapo ang kamay nito sa mga gasgas na likha ng kanyang muntik nang pagkahulog.

Iniangat niya ang kanyang ulo habang sina-shampoo nito ang kanyang buhok at inaalis ang mga sanga at dahon na kumapit doon.

Natunghayan niya ang mukha nito. He was towering over her. There was water dripping from the tip of his nose, from his earlobes and from his sexy lashes. Nakakapit pa rin siya sa balikat nito. Tila wala siyang lakas na tumayong mag-isa.

Hindi niya alam kung dahil ba iyon sa shock sa nangyari kanina, o sa agos ng maligamgam na tubig ngayon. Marahil dahil pinapaliguan siya ng isang lalaking walang saplot sa katawan!

Ibinaon ni Dindin ang kanyang mukha sa malaki at malambot na tuwalyang bumalot sa kanya. Matapos magtapis ng makapal na tuwalya sa ibabang bahagi ng katawan, binuhat siya nito sa isang slid. Di siya nagkamaling isipin na iyon ang kuwerto ng lalaki dahil na rin sa musk at pine na amoy niyon.

Umupo ang lalaki sa kama habang kalong siya. Iniupo siya sa kandungan nito na parang bata habang tinutuyo ang kanyang katawan at buhok. Nanatili sila sa ganoong posisyon nang matagal. Wala pa ring imikan. Kabog ng kanila-kanilang mga dibdib ang nagharing ingay.

Nang bahagyang matuyo ang kanyang buhok ay iniupo siya nito sa kama at saka sinuotan ng isang malaking t-shirt na kinuha nito sa closet.

Pumasok ito muli sa banyo at nang lumabas ay may bitbit na itong first aid kit. Ginamot nito ang mga gasgas at hiwa sa kanyang balat. Ganoon din ang ginawa nito sa sariling braso at binti. Nang matuyo ang kanyang buhok, inihiga siya nito sa kama. Ilang saglit pa ay naglakbay na siya sa kawalan...

